Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

## Baitang – 6 FILIPINO Aralin 1

**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Ellen Grace Fallarcuna- Fruelda |
| **Illustrator:** | Ellen Grace Fallarcuna- Fruelda |
| **Layout Artist:** | Mr. Valentin C. Sagun, Jr. |
| **Content Editor:** | Dr. Robert B. Lacayanga |
| **Language Editor:** | Mr. Werlito C. Batinga |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Romela M. Cruz, SDS SDO-Mandaluyong City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Alyn G. Mendoza, CID Chief SDO-Mandaluyong City<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo EPS, FILIPINO - NCR<br>Mr. Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Mr. Werlito C. Batinga SDO EPS, Filipino MTB-MLE – Mandaluyong City<br>Dr. Ruby E. Baniqued, LR EPS SDO-Mandaluyong City<br>Ms. Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Ms. Dorothy Grace I. Reyes, PDOII SDO-Mandaluyong City<br>Mr. Calixto N. Camangeg, Librarian II SDO-Mandaluyong |

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)**


**ARALIN 1:** PAGSAGOT SA MGA TANONG TUNGKOL SA NAPAKINGGANG/BINASANG ULAT AT TEKSTONG PANG-IMPORMASYON

**INAASAHAN:**

1. Natutukoy ang mahahalagang detalye sa ibinigay na ulat at teksto
2. Napahahalagahan ang mga impormasyong nakuha sa ulat at teksto
3. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang/ binasang ulat at tekstong pang-impormasyon **F6PB-IIId-3.1.2 F6PB-IIIc3.2.2**

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto**: ISULAT sa patlang ang ibig sabihin ng sumusunod na simbolo ng babala.

1. 

2. 

3. 

_______________ _______________ _______________

## BALIK-TANAW

**Panuto: Pagsunod- sunorin ang tamang proseso sa pagsasaing. Isulat ang bilang 1-5 sa patlang.**

_______ Hugasan ang bigas nang dalawa hanggang tatlong beses
_______ Takpan at punasin ang gilid at ilalim nito
_______ Maglagay ng malinis na tubig na kasingdami ng bigas
_______ Magtakal ng dalawa hanggang apat na baso ng bigas
_______ Isaksak ang rice cooker at hintaying ito'y maluto

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

- Ang balita ay napapanahon at makatotohanang ulat ng mga pangyayaring naganap na, nagaganap o magaganap pa lamang. Sinasagot nito ang mga tanong na Ano, Sino, Kailan, Saan, Bakit at Paano.

- Ito ay maaaring maibahagi sa sumusunod na paraan:
  - **Pasalita- Pakikinig/Panonood**

      - Kung ang ginawang midyum ay mga radyo at telebisyon
  - **Pasulat/Pagbasa**
      - Kung ito ay ipinalimbag sa mga pahayagan o iba pang babasahin

- Sa pamamagitan ng pagbabasa at pakikinig ng ulat o balita at mga tekstong pang-impormasyon gaya ng prosidyural, nagkakaroon tayo ng mga karagdagan at bagong kaalaman tungkol sa mga kasalukuyan at dati nang pangyayari sa isang komunidad.
- Kinakailangang wasto, patas, makatotohanan at maikli lamang ang isang ulat o balita.

## GAWAIN 1

Ikaw ba ay mahilig gumamit ng mga makabagong teknolohiya? Mahabang oras ba ang ginugugol mo sa paggamit ng mga *social media* ?

Alam mo bang lumitaw sa isang pag-aaral na nanguna ang mga Pilipino sa haba ng oras na itinatagal sa *social media* ? Basahin ang isang ulat tungkol dito.

### Mga Pinoy, nangunguna sa tagal na nakababad sa social media

Sa 45 bansang sinuri sa isang pag-aaral sa haba ng oras na itinatagal sa *social media*, lumitaw na nangunguna ang mga Filipino.

Ayon sa ulat ni Tina Panganiban-Perez sa GMA News "24 Oras" nitong Disyembre 9, Miyerkoles, sinabing batay sa ulat ng *online marketplace* OnBuy.com, gumugugol umano ang mga Pinoy ng tinatayang 102,054 oras o katumbas ng mahigit 11 taon.

Mahabang panahon ito kung ikukonsidera daw na maiksi lang buhay ng mga Pinoy na may *average life expectancy* na 72 taon.

Ayon sa isang *sociologist*, masasabing may *social media addiction* ang isang tao kung mas mahabang oras ang ginugugol niya sa social media kaysa ibang makabuluhang gawain.

*"Depende sa indibiduwal kasi you have to break it down. Kung 'yong total number of hours na 'yan, example sa isang 24-hour day, halos kalahati ng oras mo ginugugol mo lang sa social media, then mayroon kang overlapping problem. Kasi ibig sabihin, the time that you spend on social media can be used more productively*," paliwanag ni Bro. Clifford Sorita.

Hindi naman daw masama ang *social media* pero dapat balansehin ang pagtutok dito, ayon kay Sorita.

Katunayan, nagagamit naman ang *social media* para makaugnayan ang magkakamag-anak at kaibigan at makakuha ng impormasyon. Pero hindi na maganda ang epekto nito sa tao kung gugugulin ang oras dito dahil sa

pagnanais na maging popular at naghahangad na makakuha ng maraming *likes, shares* at *comments*.

Upang malampasan ang *social media addiction*, sinabi ni Sorita na kailangan maghanap ng ibang aktibidad at gawain na kapaki-pakinabang sa loob o labas ng bahay.

Dapat ding magtakda ng oras na mag-"unplug" at magkaroon ng tahimik na sandali para sa sarili. Nasa 2,153 katao umano ang tinanong sa survey ng OnBuy.Com mula sa 45 bansa.

Sumunod sa Pilipinas ang Colombia na may average na 101,288 oras sa *social media*, habang ang Japan ang bansa na hindi masyadong nahuhumaling sa *social media*. -**FRJ, GMA News**

**I. Panuto: SAGUTIN ang mga tanong batay sa binasang ulat.**

1. Ano ang isinasaad sa isang pag-aaral tungkol sa ulat ?
______________________________________________
2. Paano masasabi na ang isang tao ay *social media addict* ?
______________________________________________
3. Paano malalampasan ng isang *social media addict* ang sitwasyong ito sa kaniyang pinagdaraanan ?
______________________________________________
4. Magandang balita ba para sa ating mga Pilipino ang resulta ng pag-aaral na ito? Ipaliwanag.
______________________________________________
5. Bilang isang mag-aaral, masasabi mo bang nagugugol mo nang maayos ang iyong oras sa paggamit ng *social media* ngayong pandemya? Ipaliwanag.
______________________________________________

## GAWAIN 2

**Panuto: LAGYAN ng tsek (/) ang mabuting epekto ng *social media* at ekis (x) kung hindi.**

⬡ 1. Nakapagdudulot ito ng karamdaman sa tao, pisikal man o emosyonal.

⬡ 2. Nagiging daan ito upang magkaroon ka ng maraming kaibigan.

⬡ 3. Nagagamit ng ibang tao ang iyong personal na impormasyon.

⬡ 4. Nagkakaroon ka ng pagkakataong makausap ang mga kapamilyang nasa malayong lugar at mga kaibigan.

⬡ 5. Maaaring maging biktima ka ng *Cyberbullying.*

## GAWAIN 3

**Panuto: Basahin at unawain ang balita.**

**Utos na face-to-face classes sa 2021 binawi ni Duterte**

Dennis Gasgonia, ABS-CBN News- Disyembre 26, 2020- 8:17pm

MAYNILA - Binawi ni Pangulong Rodrigo Duterte ang kautusan na magkaroon ng face-to-face classes pagdating ng taong 2021.

Plano sana itong gawin sa mga paaralan sa lugar na may mababang banta ng pagkalat ng coronavirus.

"I will not allow face-to-face classes of children until we are through with this... The nature of the germ we are confronting," ani Duterte sa isang meeting.

Naghahanda na sana para sa dry run ang Department of Education. Pero giit ni Duterte, may pangambang posibleng kaharapin ang mga kabataan na papapasukin sa mga paaralan sa susunod na taon.

"I am cancelling the order I gave few days ago, few weeks ago to Sec. Briones of the Education Department to suspend everything, all activities of children especially face-to-face classes," ani Duterte.

Iniutos ito ni Duterte matapos matuklasan ang bagong strain ng coronavirus disease sa United Kingdom, na pinaniniwalaang mas nakakahawa. Matatandaang sa bahay nag-aaral ngayon ang mga kabataan, sa pamamagitan ng modular o kaya online learning para mapigilan ang pagkalat ng coronavirus.

**Panuto: Sagutin ang mga tanong batay sa binasang balita.**

1. Ayon sa balita, anong kautusang para sa 2021 ang binawi ni Pangulong Duterte?

_______________________________________________

2. Saang mga lugar dapat ipatutupad ang pagkakaroon ng *face-to-classes?*

_______________________________________________

3. Bakit iniutos ni Pangulong Duterte na kanselahin ang pagkakaroon ng *face- to-face classes* sa mga piling lugar?

_______________________________________________

4. Kung ikaw ang pangulo, sang-ayon ba sa ginawang desisyon ni Pangulong Duterte? Bakit ?

_______________________________________________

5. Bilang isang mag- aaral, paano ka makatutulong sa patuloy na pagpapatupad ng bagong normal na pag- aaral sa bagong sistema ng edukasyon ?

_______________________________________________

## GAWAIN 4

**Panuto**: Basahin, unawain at gawin.

Inutusan ka ng iyong nanay na magluto ng adobong manok dahil siya ay abala sa pananahi ng mga damit. Ngunit, hindi mo alam kung paano ito gagawin. Naisip mong tumingin sa isang aklat na naglalaman ng iba't ibang resipe.

Pagsunod- sunorin ang mga hakbang sa pagluluto ng adobong manok sa pamamagitan ng pagsulat ng 1-5 sa patlang.

________ Ilagay ang manok at palambutin ito sa loob ng 15 minuto.
________ Ihanda at hugasan ang mga panlutong kagamitan at ang mga sangkap na lulutuin
________ Ang adobong manok ay luto na at maaari nang ihain sa hapag-kainan.
________ Lagyan ng toyo, suka, paminta at iba pang pampalasa.
________ Maggisa ng bawang at sibuyas sa kawali.

## TANDAAN

- Mahalaga ang pakikinig at pagbabasa ng mga ulat o balita at tekstong pang-impormasyon sapagkat nakatutulong ito sa pagtuklas ng mga kamangha-mangha at kapaki-pakinabang na mga impormasyong maaari nating magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay.

- Isang halimbawa ng tekstong pang-impormasyon ay tekstong prosidyural na nagpapakita ng pagkakasunod-sunod ng mga hakbang ng isang gawain.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto: Magpatulong kay nanay o tatay sa pagtahi ng butas o sirang damit. ISULAT ang limang (5) hakbang na inyong ginawa.**

1.________________________________________
2.________________________________________
3.________________________________________
4.________________________________________
5.________________________________________

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

### COVID-19 cases sa Pilipinas gumapang palapit ng 400,000

James Relativo (Philstar.com) - Nobyembre 10, 2020 - 4:22pm

MANILA, Philippines — Walang-tigil pa rin ang pagsirit ng panibagong kaso ng *coronavirus disease* sa Pilipinas, dahilan para apat na beses na itong pumalo ng daang libo.

Pumalo na kasi sa 399,749 ang kabuuang bilang ng *infections* sa Pilipinas, matapos tablan pa nito ang 1,347 katao, ayon sa Kagawaran ng Kalusugan ngayong Martes.

Sa kabila niyan, nasa walong laboratoryo naman ang hindi nakapagpasa ng kani-kanilang mga bagong datos sa COVID-19 Data Repository System (CDRS).

Samantala, dito natagpuan ang karamihan sa mga COVID-19 cases na inilabas ng kagarawan ngayong Martes: Cavite (92), Lungsod ng Maynila (77), Lungsod ng Quezon (58), Lungsod ng Baguio (55), Laguna (52).

Nananatili namang nasa 30,169 ang bilang ng domestic active cases, bagay na nakuha matapos ibawas ang mga gumaling at namatay na mula sa naturang sakit.

"Samantala ay mayroon namang naitalang 187 [bagong] gumaling at 14 na pumanaw," dagdag pa ng Department of Health.

Sumatutal, 361,919 na ang nagre-recover mula sa pathogen habang 7,661 naman ang hindi pinalad at pumanaw. Tinanggal naman na mula sa total case count ang 47 na duplicates sa ngayon, matapos mapag-alamang 43 sa mga ito ay gumaling na.

Kaugnay niyan, ni-reclassify naman bilang deaths ang mga naunang naibalitang paggaling ng siyam na katao mula sa COVID-19. Kanina lang nang sabihin ni Presidential Spokesperson Harry Roque na wala pang desisyon si Pangulong Rodrigo Duterte kung tuluyan niyang ipagbabawal muna ang tradisyunal na "caroling" sa buong Pilipinas, bagay na nakikita nang risk ng ilan pagdating sa pagco-contract ng COVID-19 — lalo na sa mga bata.

Meron na kasing ilang pag-aaral na mataas ang posibilidad ng paghahawaan ng nakamamatay na virus kapag kumakanta nang malakas ang isang infected na tao.

*"Ako na po siguro ang magtatanong sa susunod na pulong ng Inter-Agency Task Force on Emerging Infectious Diseases kasi palaging lumalabas po 'yan sa balita ano. At marami na pong lokal na opisyales na nagba-ban,"* ani Roque sa isang briefing.

*"Manila at Quezon City, nag-ban na po ng caroling. So tatanungin ko na rin sa IATF para maging uniform po 'yung utos."* Kamakailan lang nang kumpirmahin ni Metropolitan Manila Development Authority general manager Jojo Garcia na nagkasundo na ang mga Metro Manila mayors na ipagbabawal na ang pagdaraos ng naturang gawi sa punong rehiyon.

**Panuto: Basahin ang mga tanong batay sa binasang balita. Piliin ang letra ng tamang sagot.**

________1. Alin sa sumusunod na lugar ang may naitalang pinakamataas na bilang na kaso ng COVID- 19 ?
a. Cavite b. Laguna c. Baguio d. Maynila

________2. Bakit kaya pinag-uusapang ipagbawal ang tradisyunal na gawaing gaya ng "Caroling" ngayong kapaskuhan ?
a. Dahil hindi na ito uso.
b. Dahil sinasamantala ito ng ibang tao.
c. Dahil sa umiiral na *community quarantine* sa bawat lugar.
d. Dahil ito ay nakikitang *risks* sa paglaganap ng COVID-19.

________3. Sino ang nagkumpirmang nagkasundo na ang mga Metro Manila mayors na ipagbabawal na ang pagdaraos ng naturang gawi sa punong rehiyon?
a. Pangulong Duterte c. Spokesperon Harry Roque
b. Department of Health d. MMDA Gen. Manager Jojo Garcia

________4. Ayon sa balita, ano pang pag- aaral ang tumutukoy sa mataas na posibilidad na pagkalat ng nakamamatay na *virus*?
a. Paghigpit ng *travel ban.*
b. Hindi pagsunod sa *social distancing.*
c. Pag-alis ng *community quarantine* sa ibang lugar.
d. Maaaring makahawa ang pagkanta ng isang infected na tao.

________5. Sa palagay mo, bakit kaya lalong tumataas ang bilang ng mga kaso ng COVID- 19 sa ating bansa ?
a. Dahil wala pang bakuna.
b. Dahil dumarami ang populasyon ng ating bansa.
c. Dahil mas marami ang mahihirap na pamilya kaysa mayayaman.
d. Dahil hindi sumusunod ang mga tao sa protocol ng pamahalaan.

## SANGGUNIAN

DepEd Most Essential Learning Competecies
https://www.officialgazette.gov.ph
https://news.abs-cbn.com/news
https://www.slideshare.net/leishiel/paghihinuha

## SUSI SA PAGWAWASTO

**ASSESSMENT**

**UNANG PAGSUBOK**

1.Bawal Mag- ingay

2. Bawal Manigarilyo

3. Bawal Pumarada

**BALIK TANAW**

1. 2
2. 4
3. 3
4. 1
5. 5

**GAWAIN I**

1. Isinaad sa pag-aaral na nangunguna ang mga Pilipino sa haba ng oras na itinatagal sa social media
2. *Social Media Addict* ang isang tao kung mas mahabang oras ang ginugugol niya sa social media kaysa ibang makabuluhang gawain
3. Upang malampasan ang pagiging *social media addict*, kailangan maghanap ng ibang aktibidad at gawain na kapaki-pakinabang sa loob o labas ng bahay.

4-5. Maaaring iba- iba ang sagot ng mga mag-aaral

**GAWAIN 2**

1. X
2. /
3. X
4. /
5. X

**ASSESSMENT**

**GAWAIN 3**

1. Kautusang magkaroon ng face- to-face classes sa 2021
2. Sa mga paaralan sa lugar na may mababang banta ng pagkalat ng coronavirus
3. Dahil sa bagong strain ng nakahahawang Corona Virus disease na natuklasan sa United Kingdom

4-5. Maaaring iba- iba ang sagot ng mga mag-aaral

**GAWAIN 4**

1. 3
2. 1
3. 5
4. 4
5. 2

**PAG- ALAM SA MGA NATUTUHAN**

Maaaring iba- iba ang sagot ng mga mag- aaral

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

1. A
2. D
3. D
4. D
5. D